



FedEx®

Code of Conduct

Paghahatid nang may integridad



Mga Nilalaman

Mensahe mula sa pamunuan	4	Pagiging responsable	24
		Tumanggi na makisali sa katiwalian at panunuhol	25
Pagpapahalaga sa ating Code at mga kaugalian	6	Panatilihin ang etikal na ugnayan sa ikatlong-partido	27
Ang Code of Conduct	7	Iwasan ang money laundering	28
Saklaw	7	Maging responsable sa mga regalo at libangan	29
Pagpapatupad	9	Iwasan ang mga salungat na interes	30
Mga Waiver	9	Sundin ang mga kontrol sa internasyonal na kalakalan	32
Ang ating mga pangkulturang kaugalian	10	Makipagkumpitensya nang may integridad	33
Integridad at pangangasiwa sa pagsunod	11	Igalang ang mga karapatan ng mamimili	33
Paggawa ng tama	12	Pangangalaga sa ating mga mapagkukunan	34
Alamin ang iyong mga responsibilidad	13	Protektahan ang kumpidensyal na impormasyon	36
Gumawa ng mga etikal na desisyon	14	Pangalagaan ang data	37
Mamuno sa pamamagitan ng pagiging halimbawa	15	Panatilihin ang seguridad ng impormasyon	38
		Huwag ipagpalit ang panloob na impormasyon	38
Pagsasalita	16	Panatilihin ang tumpak na mga tala ng negosyo	38
Iulat ang mga alalahanin	17	Labanan ang panlabas at panloob na pandaraya	39
Magtiwala sa FedEx Alert Line	17		
Tiyakin ang hindi paghihiganti	17	Pagtuon sa paggawa ng mabuti	40
Unawain ang mga pagsisiyasat	18	Ituloy ang pangangalaga sa kapaligiran at sustainability	41
		Ipakita ang pagmamalasakit ng FedEx	42
Pag-aalaga sa isa't isa	19	Sundin ang ating mga alituntunin para sa mga donasyon at gawaing pampulitika	42
Kumilos nang may paggalang	20		
Pahalagahan ang pagkakaiba-iba, pagiging patas, at pagiging kabilang	20	Pangwakas na payo	43
Itaguyod ang pantay na pagkakataon at labanan ang harassment	21		
Sundin ang mga panuntunan sa kaligtasan at seguridad	22		



Sulat mula sa ating Presidente at CEO

Umaasa ang mundo sa FedEx para makapaghatid. Nakuha natin ang tiwalang ito sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga tao at mga posibilidad nang may kapamaraan, responsable, at may integridad. Ipinagmamalaki ko kung ano ang nabuo ng ating team sa loob ng kalahating siglo at nagpapatuloy pa ito, at pinapasigla ako ng ating misyon na dalhin ang FedEx at ang mundo mula ngayon hanggang sa susunod.

Kahit na ang pagpupursigi sa kung ano ang susunod ay nangangahulugan ng pagbabago at pag-unlad upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating mga kostumer, ang bagay na hinding-hindi magbabago ay ang ating paggigiit na maging una at pangunahin ang etikal na paggawa ng desisyon sa lahat ng ating ginagawa.

Ang FedEx ay may kultura ng pananagutan, pakikipagtulungan, pagbabago, at pagkilos. Ipinangako natin na laging seseryosohin ang paggawa ng tamang bagay. Umaasa kami sa iyo na mamuno sa pamamagitan ng halimbawa, na tuparin ang iyong mga pangako, at itaguyod ang batas, ang ating mga patakaran, at ang ating mga pangkulturang kaugalian, na kinabibilangan ng pag-aalaga sa isa't isa, paggawa ng mabuti, pagiging namumukod-tangi, paghimok ng mga resulta ng negosyo, at paglikha ng kung ano ang susunod.

Ang Code of Conduct ng FedEx ay isang mapagkukunan para sa lahat ng miyembro ng team at sumasaklaw sa mga pangunahing inaasahan sa batas, etika, at asal na kailangang sundin ng bawat miyembro ng team ng

FedEx. Mayroon tayong open-door policy sa FedEx, na nangangahulugan na ang sinumang miyembro ng team ay maaaring makipag-usap sa isang manager, human resources, o legal na kinatawan anumang oras para sa payo, gabay, o para magsabi ng mga alalahanin. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa FedEx Alert Line kung naniniwala kang may naganap na paglabag sa batas, sa ating Code, o sa ating mga patakaran. Ipinagbabawal ng ating Code ang anumang paraan ng paghihiganti laban sa iyo para sa pag-uulat ng mga alalahanin nang walang masamang hangarin, at palagi kaming kikilos nang mabilis at masigasig upang suriin at lutasin ang mga isyu kapag lumitaw ang mga ito.

Ang FedEx ay isa sa mga pinakapinagkakatiwalaan at hinahangaang kumpanya sa buong mundo dahil sa dedikasyon at pagsisikap ng mga miyembro ng aming grupo. Salamat sa paghatid sa ating Purple Promise – ang gawing pinakamaganda ang bawat karanasan sa FedEx. Araw-araw, itinataguyod natin ang ating legacy at pinapalakas ang FedEx para sa hinaharap sa pamamagitan ng pagkilos nang may integridad at hindi kailanman magiging kuntento sa pagiging mas mahusay kung ang kinakailangan ng mundo ay ang ating pinakamahusay.

Raj Subramaniam
Presidente at CEO
FedEx Corporation

Ang pagkakaroon ng isang malakas na kultura ng integridad ay nagbibigay-daan sa atin na paglingkuran ang ating mga komunidad, gumawa ng bago, at mabilis na mag-adjust kapag may mga pagkakataon.





Pagpapahalaga sa ating Code at mga kaugalian

Sa FedEx, hangad natin ang kahusayan at pagkilos nang may integridad. Ang pangakong ito ay nakapaloob sa Purple Promise: “Gagawin kong namumukod-tangi ang bawat karanasan sa FedEx.” Dahil sa ating matataas na pamantayan, kasama ang trabaho at dedikasyon ng mga miyembro ng ating grupo, naging isa tayo sa mga pinakahinahangaan at pinakapinagkakatiwalaang kumpanya sa mundo.

Ang Code of Conduct

Nakatuon tayo sa pagkilos nang may integridad at pagsunod sa batas. Ang ating pangako ay makikita sa Code of Conduct ("Code"). Ang Code ay nagsisilbing pampublikong pahayag ng ating mga kaugalian. Binubuod din nito ang ating mga pangunahing patakaran.

Ang Code ay nagbibigay sa mga miyembro ng team ng isang malinaw na hanay ng mga patakaran at nagtatatag ng mga inaasahan para sa etikal na pag-uugali. Dapat basahin at sundin ng lahat ng miyembro ng team ng FedEx ang Code. Bagama't komprehensibo, hindi matutugunan ng ating Code at mga patakaran ang bawat sitwasyon na maaari nating makaharap. Kapag hindi ka sigurado kung ano ang dapat gawin, makipag-usap sa iyong manager. Tingnan din ang iba pa nating mga patakaran para sa higit na impormasyon. Palaging igalang ang mga kinakailangan at layunin ng ating Code at mga patakaran.

Saklaw

Nalalapat ang Code sa bawat opisyal, direktor, manager, at empleyado (sa pangkalahatan, ang, "mga miyembro ng team") ng FedEx Corporation at mga subsidiary na kumpanya nito. Nalalapat din ito sa mga miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng FedEx Corporation kapag ginagampanan ang kanilang tungkulin bilang mga miyembro ng Lupon o sa anumang iba pang tungkuling nauugnay sa FedEx. Ang ilang partikular na seksyon ng Code na ito ay nalalapat din sa mga ikatlong partido na nagsasagawa ng mga serbisyo sa ngalan ng FedEx.



The **Purple** Promise

Ang patuloy na pagpapatunay ng ating pangako sa pagsunod at etika ay nagpapakita ng ating pagiging maaasahan at bumubuo ng tiwala sa ating mga kostumer, miyembro ng team, at mga komunidad na ating pinaglilingkuran.

Nakikita ng mga tao sa buong mundo ang pangalan at logo ng FedEx bawat araw. Ang ating mga kilos ay nakakaapekto sa kung ano ang iniisip ng mga tao sa atin. Ang ating mga aksyon at desisyon ay nagpapasigla sa ating reputasyon.



Pagpapatupad

Nakatuon ang FedEx sa pagpigil at pagtuklas ng gawi na lumalabag sa Code. Magsasagawa kami ng mabilis na aksyon upang ihinto ang anumang natukoy o naiulat na mga paglabag sa Code at idisiplina ang mga miyembro ng team na nagsasagawa ng gayong pag-uugali, hanggang sa at kabilang ang pagtanggali sa trabaho alinsunod sa ating mga patakaran at pamamaraan.

Ang mga opisyal, direktor, at manager ng FedEx ay may pananagutan sa pagtiyak ng pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan ng kumpanya sa loob ng kanilang lugar ng responsibilidad. Dapat din silang agad na mag-ulat ng mga paglabag sa mga patakaran ng kumpanya, ilegal na gawain, at iba pang nakakabahalang aktibidad sa kanilang supervisor, human resources, o legal department, at magpatupad ng angkop na aksyong pandisiplina. Maaaring mapailalim ang mga opisyal, direktor, at manager sa pagdidisiplina, na maaaring umabot sa o kabilangan ng pagkakatanggali sa trabaho, kapag nabigo silang magsagawa ng naaangkop na pangangasiwa.

Ang FedEx ay nagpapanatili ng mga patakaran hinggil sa pagbawi ng mga binayarang insentibo, bonus, o ibinigay na stock sa ilang kasalukuyan at dating opisyal kung sakaling magkaroon ng restatement sa pananalapi, o pandaraya o sinadyang maling pag-uugali sa pagganap ng kanilang mga tungkulin na nagreresulta sa pinsala sa reputasyon o pananalapi sa FedEx.

Mga waiver

Maaaring magbigay ang FedEx ng mga partikular na waiver sa Code ngunit hindi ito magbibigay ng anumang waiver upang payagan ang mga paglabag sa batas. Ang mga aplikasyon para sa isang waiver ay dapat gawin sa legal department at dapat aprubahan ng FedEx Corporation General Counsel o ng kanilang kinatawan.

Ang mga aplikasyon para sa waiver ng Code para sa mga executive officer o miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng FedEx Corporation ay dapat gawin sa Chair ng Audit and Finance Committee ng Lupon ng mga Direktor at dapat na aprubahan ng buong Lupon. Ang anumang naturang waiver ay agad na ihahayag.

Ating mga pangkulturang kaugalian

Itinatag ang kultura ng FedEx batay sa ating paniniwala na patitibayin ng ating magkakaparehong pag-uugali at asal na nakabase sa mga prinsipyo ang ating kakayahang maabot at malampasan ang ating mga madiskarteng layunin. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, ginagamit natin ang lakas ng ating mga network, tao, at asset bilang suporta sa ating mga kostumer.



Alagaan ang isa't isa.

- Inuuna natin ang kaligtasan higit sa lahat.
- Itinuturing natin ang "kaligtasan" bilang isang lugar, ugali, at mindset.
- Dinadala natin ang ating buong sarili sa trabaho.
- Pinahahalagahan natin ang ating mga pagkakaiba at naniniwala tayong mahalaga ang bawat boses.



Pagtuon sa paggawa ng mabuti.


- Gumagawa tayo ng mga ugnayan.
- Naghahanap tayo ng mga paraan para protektahan ang ating planeta.
- Gumagawa tayo ng tama sa tamang paraan.
- Tinutulungan natin ang mga komunidad na umunlad.



Mamukod-tangi.

- Ginagawa nating mahalaga ang bawat karanasan.
- Ginagawa nating simple ang mga bagay at nagtatrabaho tayo nang mas matalino para sa ating mga kostumer.
- Naghahanap tayo ng mga paraan upang mamukod-tangi mula sa karamihan.
- Tayo ay mabilis, flexible, at nakatuon.

Ang mga pagpapahalaga at pag-uugali na ating hinihikayat, iminomodelo, at ginagantimpalaan ay nakatatak sa ating kultura. Dapat nating isaalang-alang ang ating mga kilos at hayaang ang ating pangako sa etikal at legal na pag-uugali ang manguna sa atin sa paggawa ng desisyon.



Humimok ng mga resulta ng negosyo.

- Alam natin kung paano sinusupportahan ng ating mga tungkulin ang negosyo.
- Naghahatid tayo ng mga resulta na naaayon sa ating diskarte.
- Namumuhunan tayo nang matalino upang humimok ng kita.
- Bumubuo tayo ng halaga para sa ating mga shareholder.



Gumawa para sa hinaharap.

- Inaasahan natin ang hinaharap.
- Nananatili tayong curious.
- Kumikilos tayo ngayon upang manguna.
- Nagbibigay tayo ng landas sa paglago para sa lahat.



Integridad at pangangasiwa sa pagsunod

Ang Lupon ng mga Direktor ng FedEx at mga team ng pamunuan ay nakatuon sa pagpapanatili ng ating matatag na kultura ng etika, integridad, at pagiging maaasahan. Ang ating Lupon ay nagtalaga ng responsibilidad sa pangangasiwa sa pagsunod sa Komite ng Audit at Pananalapi nito. Kabilang dito ang responsibilidad na pangasiwaan ang mga programa sa pagsunod at etika ng kumpanya, kabilang ang Code, mga patakaran sa integridad at pagsunod, at FedEx Alert Line.

Ang ating Chief Compliance Officer ang namumuno sa ating corporate integrity and compliance department. Ang corporate integrity and compliance department ay nangangasiwa sa programa sa pagsunod, nagdidirekta sa diskarte, at nagbibigay ng mga mapagkukunan sa mga miyembro ng grupo sa buong enterprise.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga pamantayang inilarawan sa Code, magtanong sa iyong manager, human resources, legal department, o sa integrity and compliance department sa integrity@fedex.com.

Iba Pang Mapagkukunan
[Corporate Integrity and Compliance](#)



Paggawa ng tama

Ang Code of Conduct ng FedEx ay nag-uugnay sa atin saanman tayo naroroon sa buong mundo. Ang ating Code ay nagbibigay sa atin ng mga tool na kailangan natin para *gawin ang tamang bagay, isabuhay ang ating mga kaugalian, mamukod-tangi, at maghatid nang may integridad.*

Alamin ang iyong mga pananagutan

Ang lahat ng miyembro ng team ng FedEx ay dapat sumunod sa batas, kumilos sa etikal na paraan, at:



Basahin at unawain ang Code at ang mga nakapaloob na patakaran.




Sundin ang mga nakasaad na prinsipyo at ang layunin ng ating Code at mga patakaran ng kumpanya sa lahat ng desisyon sa negosyo.



Magtanong at humingi ng patnubay kapag hindi malinaw ang isang paraan ng pagkilos.




Agad na iulat ang nalaman, pinaghihinalaan, o mga potensyal na paglabag sa ating Code, mga patakaran ng kumpanya, o batas.



Gumawa ng mga etikal na desisyon

Dapat nating gawin ang tama at maging etikal, kahit na sa isang kumplikado o nakakalitong sitwasyon. Ang Code at ang ating malakas na kultura ng integridad ang magbibigay sa iyo ng kapangyarihan na gumawa ng mga tamang desisyon.



Pamumuno sa pamamagitan ng pagiging halimbawa

Umaasa tayo sa mga manager na suportahan ang mga miyembro ng team sa paggawa ng tama, sa tamang paraan. Ang ating mga manager ay may mas mataas na responsibilidad na itaguyod ang etikal na pag-uugali, bumuo ng tiwala, at manguna sa pamamagitan ng pagiging halimbawa.

Inaasahan ng FedEx sa lahat ng manager na:

- Alam at susundin nila ang Code.
- Tatalakayin nila ang mga pangunahing mensahe sa Code sa mga miyembro ng team.
- Hihikayatin nila ang paghahatid ng Purple Promise nang may integridad.
- Magiging mabuting halimbawa at positibong huwaran sila.
- Lilikha sila ng isang bukas na kapaligiran kung saan ang mga miyembro ng team ay komportable na magsalita.
- Magiging receptive at makikinig sila sa mga ideya, tanong, o etikal na alalahanin ng mga miyembro ng team.
- Palagi nilang seseryosohin ang mga ulat ng maling pag-uugali at idudulog nila ang mga ulat sa human resources at legal department kapag naaangkop.
- Pipigilan nila ang paghihiganti laban sa mga miyembro ng team na nag-ulat ng mga alalahanin nang may mabuting layunin.

Ang ating kumikilos na Code



Sinusubukang maabot ng aming team ang mga layunin sa pagganap. Kapag malapit na ngunit hindi namin naabot ang aming mga layunin, dinadagdagan ng aming manager ang aming mga numero. Sa tingin ko nay lumalabag sa ating Code ang aksyon ng aking manager, pero hindi ako sigurado. **Ano ang dapat kong gawin?**



Ang pagpapalit ng anumang mga numero ng pagganap o iba pang mga tala ay maaaring maging isang makabuluhang isyu at maaaring labag pa nga sa batas. Ang pagkilos na ito ay lumilitaw din na hindi etikal at hindi mapagkakatiwalaan. Dahil bahagi ng alalahanin ang iyong manager, dapat kang makipag-ugnayan sa iba pang manager, human resources, legal department, o sa FedEx Alert Line upang ulat ang iyong alalahanin.

Iba pang Mapagkukunan

Corporate Integrity and Compliance
Manager Resource Center



Pagsasalita

Mahalagang magtanong, magbahagi ng mga ideya para sa pagpapabuti at magpahayag ng mga alalahanin sa iyong manager. Ang lahat ng manager ay may "bukas na pinto" upang maaari kang pumunta sa kanila para sa tulong. Kung sa tingin mo ay may mali o hindi naayon sa batas, sa ating Code, o iba pang mga patakaran ng kumpanya, dapat kang magsalita, humingi ng tulong, at iulat ang iyong alalahanin.

Iulat ang mga alalahanin

Ang hindi etikal, ilegal, hindi ligtas, o iba pang hindi wastong pagkilos ay salungat sa mga kaugalian ng FedEx. Ang mga pagkilos na ito ay maaaring makapinsala sa ating mga miyembro ng team, mga kostumer, at sa ating brand. Sa pamamagitan ng pagsasalita, pinapanatili mo ang ating kultura at pinoprotektahan ang iba. Hindi namin matutugunan ang mga alalahanin kung hindi namin malalaman ang mga ito.

Kung naniniwala kang may naganap na paglabag sa batas, patakaran, o etika, tungkulin mong iulat ito sa isang manager, human resources, legal department, o sa FedEx Alert Line. Ipinagbabawal ng FedEx ang anumang uri ng paghihiganti laban sa isang tao na nag-ulat nang walang masamang hangarin ng anumang nalaman o pinaghihinalaang maling pag-uugali.

Magtiwala sa FedEx Alert Line

Ang FedEx Alert Line ay nagbibigay-daan sa iyo na magbigay ng mga kumpidensyal na ulat ng anumang nalaman o pinaghihinalaang paglabag sa batas, Code, o iba pang patakaran ng kumpanya o iba pang hindi etikal o hindi ligtas na pag-uugali. Maaari kang gumawa ng ulat online o, sa karamihan ng mga bansa at teritoryo, sa pamamagitan ng pagtawag sa isang toll-free na numero. Ang parehong mga opsyon ay available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, halos saanman sa mundo. Isang hiwalay na ikatlong partido ang tumatanggap sa lahat ng ulat.

Kapag gumagawa ng ulat, maaari mong piliing ipakilala ang iyong sarili o, kung saan pinapayagan ng batas, maaari kang mag-ulat nang hindi nagpapakilala. Bisitahin ang fedexalertline.com upang mag-ulat online o upang mahanap ang numero ng telepono para sa iyong bansa o teritoryo. Sa U.S., ang numero ng telepono ay 1.866.42.FedEx (1.866.423.3339).


Tiyakin ang hindi paghihiganti

Ang lahat ng manager ay inaasahang magsusulong ng isang ligtas na kapaligiran para sa mga miyembro ng grupo upang magtanong, magsabi ng mga alalahanin, at mag-ulat ng mga insidente. Ipinagbabawal ng FedEx ang paghihiganti laban sa sinuman para sa pagsasabi o pag-uulat ng isang isyu nang walang masamang hangarin. Kung may pinaghihinalaan kang paghihiganti, magsalita at iulat ang iyong alalahanin.



Iba pang Mapagkukunan

[Pandaigdigang Patakaran sa Pag-uulat ng Mga Alalahanin](#)



Unawain ang mga pagsisiyasat

Kung mag-uulat ka ng paglabag sa batas, Code, o patakaran o pamamaraan, ang ulat ay karaniwang pangangasiwaan ng mga tagapagsiyasat mula sa human resources, security, safety, at legal department. Kung naaangkop, ang isang ulat ay maaaring pangasiwaan ng internal audit department o ng isang panlabas na partido. Sa bawat kaso, susubukang alamin ng mga nakatalaga sa usapin kung may nangyaring maling pag-uugali. Kung mayroon man, tutugon kaagad at nang naaangkop ang FedEx.

Pananatiliing kumpidensyal ng mga responsableng miyembro ng team sa FedEx ang mga ulat at pagsisiyasat hangga't maaari. Minsan, maaaring kailanganin ng mga tagapagsiyasat na gumamit o maghayag ng impormasyon para magsagawa ng buong pagsisiyasat at magbigay ng patas na proseso sa sinumang inakusahan ng maling pag-uugali. Maaari din nilang gamitin ang piling impormasyon para ipatupad ang follow-up na pagsasanay o pagwawasto. Para sa ilang partikular na bagay, maaaring kailanganin ng FedEx na ihayag ang impormasyon sa mga ahensya ng regulasyon o iba pang awtoridad ng gobyerno. Dahil nagsusumikap tayong protektahan ang pagiging kumpidensyal ng lahat ng kalahok sa isang pagsisiyasat, sa pangkalahatan ay hindi ihahayag ng FedEx ang kinalabasan o mga partikular na aksyon na ginawa dahil sa isang pagsisiyasat, maliban kung kinakailangan ng batas.

Kung kinakailangan, maaari naming hilingin sa iyo na tumulong sa isang pagsisiyasat. Sa ganitong mga pagkakataon, iniaatas ng ating mga patakaran sa iyo na makipagtulungan. Hiniling man sa iyo na tumulong o hindi, hindi ka dapat manghimasok sa pagsisiyasat, mag-alok ng maling impormasyon, maghayag ng mga detalye ng pagsisiyasat sa mga ikatlong partido, o magbago o magsira ng mga rekord.



Pag-aalaga sa isa't isa

Bilang isang multinational enterprise na nagnenegosyo sa mahigit 220 bansa at teritoryo, sinusuportahan natin ang kakayahan ng lahat ng tao na pumili tungkol sa kanilang buhay at paunlarin ang kanilang potensyal. Naniniwala tayo sa pagtrato sa mga tao nang may dignidad at paggalang. Kumikilos tayo nang responsable upang makipagkontrata sa mga supplier na gumagalang din sa mga karapatang pantao. Ang ating posisyon sa karapatang pantao ay nangangahulugan na:

- Nakatuon tayo sa pagprotekta sa mga karapatang pantao sa ating mga operasyon.
- Ipinagbabawal natin ang ilegal na pagtatrabaho ng bata, o puwersahan o sapilitang pagtatrabaho.
- Mayroon tayong zero tolerance sa pang-aalipin at trafficking ng tao, at ipinagbabawal natin ito
- Nagbabayad tayo ng patas na sahod at sumusunod tayo sa mga batas sa sahod at oras sa mga bansa at teritoryo kung saan tayo nagnenegosyo.
- Hinihiling natin sa ating mga ikatlong partido na igalang ang mga karapatang pantao.
- Hinihikayat natin ang mga miyembro ng team na iulat ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa karapatang pantao.

Kumilos nang may paggalang

Ang paggalang sa isa't isa at sama-samang tagumpay ay kabilang sa ating mga pangunahing kaugalian sa FedEx. Nakakamit natin ang makabuluhan at pangmatagalang tagumpay kapag tinatrato natin ang lahat nang may paggalang at sinusuportahan ang isang kultura na kinabibilangan nating lahat.

Ginagawa natin ang lahat ng pagsisikap upang mapanatili ang propesyonal na pag-uugali sa trabaho. Ang pagpapakita ng propesyonalismo sa trabaho ay nangangahulugan ng pagiging magalang at mapitagan, pagtulong sa iba, at pagiging positibo, may pananagutan, responsable, at tapat.

Ang bawat miyembro ng team ay maaaring lumikha ng tiwala sa pamamagitan ng pagpapakita at pagbibigay inspirasyon sa mga pag-uugali na nakakatugon o lumalampas sa ating mga pamantayan.

Pahalagahan ang pagkakaiba-iba, pagiging patas, at pagiging kabilang

Ang pagkakaiba-iba ay isang lakas, na nag-uugnay sa ating buong organisasyon. Isinusulong natin ang diberso, patas, at inklusibong kapaligiran sa trabaho kung saan tinatanggap natin ang mga pagkakaiba. Ang pagpapahalaga sa katarungan ay nangangahulugan na tayo ay nakatuon sa pagbibigay kapangyarihan sa iba't ibang boses at paglikha ng access sa pamumuno, edukasyon, at mga pagkakataon sa trabaho para sa lahat ng miyembro ng ating team. Lahat tayo ay maaaring bumuo ng mga ugnayan at makahanap ng karaniwang batayan sa bawat isa. Mas malakas tayo kapag sama-sama.



Iba pang Mapagkukunan

[Patakaran sa Pagbabawal sa Trafficking ng mga Tao](#)

Itaguyod ang pantay na pagkakataon at labanan ang harassment

Ang mga tao ang pinakamalaking asset sa FedEx. Nakatuon tayo sa pantay na pagkakataon sa trabaho. Kinukuha, kinokontrata, sinusuri, binabayaran, at pino-promote natin ang mga miyembro ng team batay sa merito, mga kwalipikasyon, mga kinakailangan na may kaugnayan sa trabaho, at pagganap. Nagbibigay tayo ng mga makatwirang kaluwagan sa mga miyembro ng team na may mga kapansanan.

Hindi natin pinahihintulutan ang diskriminasyon, harassment, o pambu-bully batay sa anumang katangiang protektado sa ilalim ng pambansa, pang-estado, o lokal na batas. Kasama sa mga protektadong katangiang ito ang lahi, kulay, etnisidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, genetic na impormasyon, pagkamamamayan, caste, kapansanan, katayuan sa pag-aasawa, pagbubuntis, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, at katayuang beterano.

Ipinagbabawal natin ang sekswal na harassment. Ang sekswal na harassment ay maaaring magkaroon ng maraming anyo, kabilang ang mga hindi kanais-nais na sekswal na pagsulong, mga kahilingan para sa mga sekswal na pabor, pagbabanta, at hindi gustong pisikal na pakikipag-ugnayan. Ang sekswal na harassment ay maaari ding mangyari sa pamamagitan ng mga salita o kilos tulad ng hindi naaangkop na mga komento o galaw. Ang hindi kanais-nais na email o mga text message, o mga larawan o komento na nai-post sa social media, ay maaari ding bumuo ng sekswal na harassment.

Ang kapaligiran na nilikha natin para sa mga miyembro ng ating grupo at kung paano natin ginagawa ang ating trabaho ay mahalaga. Kapag tayo ay mapagparaya, mapitagan, at magalang sa lahat, nasusunod natin ang ating mga kaugalian.

Ang ating kumikilos na Code



Dalawa sa aking mga kasamahan ang palaging nagbibiro sa trabaho. Minsan ang kanilang mga biro ay tila bastos o kaduda-duda, ngunit sa palagay ko ay wala naman silang anumang masamang hangarin. Sinusubukan ko silang iwasan dahil nababahala ako sa mga biro nila.

Ano ang dapat kong gawin?



Ang pag-uugali na sa tingin ng mga tao ay hindi kanais-nais, o nakakasakit, ay maaaring katumbas ng harassment. Makipag-usap sa iyong manager, human resources, o legal department tungkol sa iyong mga alalahanin. Kung gusto mong manatiling anonymous, maaari kang gumawa ng ulat sa pamamagitan ng FedEx Alert Line.

Sundin ang mga panuntunan sa kaligtasan at seguridad

Nakatuon tayo sa pagpapanatili ng ligtas at mabuting lugar ng trabaho. Lahat tayo ay dapat sumunod sa mga tuntunin at protokol sa kalusugan at kaligtasan na naaangkop sa ating mga trabaho. Kabilang dito ang pagpapanatili ng lugar ng trabaho na walang alak at droga. Ang pagsunod sa mga panuntunang ito ay makakatulong na maiwasan ang hindi ligtas na mga kondisyon sa trabaho.

Ipinagbabawal ng FedEx ang karahasan sa lugar ng trabaho kabilang ang marahas o mapagbantang pag-uugali. Hindi natin pinapayagan ang anumang iba pang aktibidad na maaaring maging sanhi ng pagkakaroon ng tao ng pakiramdam ng pagiging hindi ligtas, kawalan ng seguridad, o takot. Kasama sa mga ipinagbabawal na kilos ang pananakot, pambu-bully, pag-stalk, at pasalita o pisikal na pananakit. Ipinagbabawal din natin ang anumang iba pang pagpapahayag ng poot o pagsalakay na maglalagay sa panganib ng kaligtasan ng sinuman, at nakasulat, pasalita, o pisikal na pagbabanta na nakadirekta sa ibang tao.



Dapat iulat ang lahat ng banta at kahina-hinalang aktibidad. Kung naniniwala kang ikaw o ang ibang tao ay maaaring nasa napipintong panganib, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa iyong lokal na numero ng pagtugon sa emergency. Sa US, i-dial ang 911.

Kapag ligtas ka, iulat ang sitwasyon sa iyong manager, seguridad ng FedEx, o sa FedEx Alert Line.

Tumutulong tayong protektahan ang isa't isa sa pamamagitan ng agarang pag-uulat ng mga alalahanin sa kaligtasan o seguridad na nauugnay sa trabaho. Mag-ulat ng hindi ligtas na mga kondisyon sa trabaho, mga panganib sa kaligtasan, mga aksidente, mga pinsala, pag-abuso sa droga o alak, marahas o nagbabantang pag-uugali, o anumang sitwasyon na maaaring mapanganib sa lugar ng trabaho. Alagaan ang isa't isa.

Ang pagtatrabaho sa ilalim ng impluwensya ng mga ilegal o hindi awtorisadong droga o alak ay nagpapalala sa pagganap sa trabaho at naglalagay sa panganib ng kaligtasan ng lahat. Maaaring kabilang sa mga droga ang mga ilegal na droga, kinokontrol na mga substance, at maling paggamit ng gamot.



Ipinagbabawal namin ang:

- Hindi awtorisadong paggamit ng o pagtatrabaho sa ilalim ng impluwensya ng alak na lumalabag sa mga patakaran ng FedEx o sa batas.
- Pagtatrabaho sa ilalim ng impluwensya ng mga ilegal o hindi awtorisadong gamot, o mga legal na gamot na ginagamit nang hindi wasto.
- Pagkakaroon, pagbebenta, paggamit, o pamamahagi ng mga ilegal na droga sa lugar ng FedEx.
- Ang pagkakaroon, pagbebenta, paggamit, o pamamahagi ng mga inireresetang gamot sa lugar ng FedEx maliban sa pagkakaroon at paggamit ng tao kung kanino ito nakareseta.

Maaaring hilingin ng FedEx sa mga miyembro ng team na sumailalim sa pagsusuri sa droga at alak ayon sa pinahihintulutan ng batas. Hinihikayat ka naming humingi ng tulong kung sa tingin mo ay maaaring mayroon kang problema sa paggamit ng droga o alak.

Iba pang Mapagkukunan

[Pagpigil sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho](#)





Pagiging responsible

Nilalabanan ng FedEx ang katiwalian at panunuhol sa anumang anyo, saanman tayo nagnenegosyo. Ang panunuhol at katiwalian ay mali, ilegal, at labag sa ating mga kaugalian.

Tumangging makisali sa katiwalian at panunuhol

Sumusunod tayo sa U.S. Foreign Corrupt Practices Act (FCPA), U.K. Bribery Act, French Sapin II, Canadian Corruption of Foreign Public Officials Act, Brazil Clean Companies Act, Swiss Criminal Code, at lahat ng iba pang naaangkop na batas at regulasyon laban sa katiwalian saan man tayo nagnenegosyo.

Hindi tayo makikibahagi sa panunuhol o katiwalian, babaling sa ibang direksyon, o magwawalang-bahala sa mga red flag ng katiwalian na maaaring maranasan natin sa ating negosyo. Pinagbabawalan natin ang mga miyembro ng ating grupo at ang mga kumikilos sa ating ngalan na tumanggap, mag-alok, mangako, o gumawa ng mga hindi tamang pagbabayad o suhol, o masangkot sa paggamit ng impluwensya kapalit ng pabor, para hindi wastong makaapekto sa isang desisyon sa negosyo o makakuha ng kalamangan sa negosyo.



Halimbawa, hindi tayo gagamit ng mga regalo, pagkain, libangan, paglalakbay, trabaho, bayad o hindi bayad na internship, sponsorship, donasyon para sa kawanggawa, o iba pang benepisyo sa o mula sa isang ikatlong partido para maimpluwensyahan ang desisyon ng gobyerno o pribadong partido o magkaroon ng kalamangan sa negosyo. Hindi tayo hihiling o tatanggap ng anumang suhol, kickback, o iba pang hindi wastong pagbabayad o benepisyo upang igawad ang isang kontrata o negosyo ng FedEx sa isang ikatlong partido.

Ipinagbabawal ng FedEx sa ating mga miyembro ng team at sa mga kumikilos sa ating ngalan ang pakikibahagi mula sa panunuhol at iba pang mga tiwaling pamamaraan tulad ng mga kickback, hindi wastong pagbabayad, o paggamit ng impluwensya para makakuha ng pabor. Kapag hiniling sa iyong gumawa ng hindi wastong pagbabayad o suhol, o inalok ka ng suhol o kickback, kaagad na makipag-ugnayan sa iyong manager at legal department o sa FedEx Alert Line para iulat ang usapin. Ang mga gawaing ito ay labag sa batas sa karamihan ng mga bansa at maaaring humantong sa iyo at sa FedEx sa kriminal na pag-uusig at iba pang mga parusa.

Ipinagbabawal din ng FedEx ang pagbabayad ng maliliit na suhol pati na ang mga pagbabayad para sa pagpapadali. Ang mga pagbabayad para sa pagpapadali ay karaniwang mas maliit na halaga, na ibinabayad sa mga empleyado ng gobyerno upang mas mabilis nilang tapusin ang isang nakagawiang tungkulin tulad ng pag-isyu ng mga permit, pagsisimula ng mga serbisyo sa utility, o pag-clear ng isang shipment sa pamamagitan ng customs. Ang pagbabayad para sa pagpapadali o pagpapabilis ay isang uri ng katiwalian, at ilegal ang mga ito sa ilalim ng U.K. Bribery Act at sa mga batas ng karamihang iba pang hurisdiksyon.

Ang pagbabayad ng kahit maliit na suhol ay sumisira sa tuntunin ng batas, nagpapababa ng mga pagkakataon para sa napapanatiling pag-unlad ng ekonomiya, at hindi nabagay sa kultura ng integridad at pagsunod ng FedEx. Hindi tayo nanunuhol.

Sa kasamaang-palad, ang mga tiwaling indibidwal ay maaaring magbanta upang subukang mamilit o mangikil ng hindi wastong pagbabayad. Kung may nagbabanta sa iyong kalusugan o kaligtasan, gawin ang kinakailangan upang maprotektahan ang iyong sarili. Pagkatapos ay iulat ang insidente, kabilang ang kung napilitan kang magbayad, sa iyong manager at sa legal department o FedEx Alert Line sa lalong madaling panahon.

Panghuli, pinapanatili natin ang mga panloob na kontrol sa pananalapi upang maiwasan at matukoy ang panunuhol at katiwalian. Nagpapanatili tayo ng mga tumpak na aklat at talaan. Itinatala natin nang wasto ang lahat ng mga pagbabayad at hindi natin sinusubukang itago ang anumang mga hindi wastong pagbabayad sa loob ng ating mga aklat at talaan. Ang katumpakan at mga detalye ay mahalaga.



Ang ibig sabihin ng paggamit ng impluwensya kapalit ng pabor ay ang paggamit ng tungkulin o mga koneksyon ng isang tao upang makakuha ng mga pabor o katangi-tanging pagtrato para sa iba, kadalasang kapalit ng bayad.



Iba pang Mapagkukunan

Pandaigdigang Patakaran Laban sa
Katiwalian

Panatilihin ang etikal na ugnayan sa ikatlong partido

Ang ating mga pakikitungo sa negosyo sa mga nagbebenta, consultant, tagapagbigay ng serbisyo, at iba pang ikatlong partido ay batay sa mga prinsipyo ng katapatan, pagiging patas, at paggalang. Pinipili at pinapanatili natin ang mga supplier at iba pang mga kakilala sa negosyo ng ikatlong partido batay sa merito. Pinanghahawakan natin ang mga ikatlong partidong ito sa parehong matataas na pamantayan na mayroon tayo para sa ating sariling pag-uugali at etikal na pagpapasya, at inaasahan natin na sila ay mapagkakatiwalaan at responsable.

Ang isang hindi etikal o ilegal na pagkilos ng isang ikatlong partido na nagtatrabaho para sa atin ay maaaring makasira sa ating reputasyon bilang isang world-class na nangunguna, magdulot ng pagkawala ng mabuting kalooban, at makaapekto sa ating negosyo. Upang makatulong na protektahan ang ating sarili at ang ating negosyo, pinipili nating makipagtulungan sa mga ikatlong partido na nakatuon sa pagkilos sa etikal na paraan at pagsunod sa batas. Gumagamit ang FedEx ng mga kontrol laban sa katiwalian tulad ng mga pagtatasa ng panganib at angkop na pagsusumikap kapag nakikipag-ugnayan at nagpapanatili ng mga ikatlong partido. Nakakatulong ito na matiyak na pinipili natin ang mga kwalipikado at mapagkakatiwalaang ikatlong partidong nagbebenta, consultant, at tagapagbigay ng serbisyo.



Ang pagpapatupad ng ating Code



Nagtatrabaho ako sa isang ikatlong partido na nangangasiwa sa customs clearance ng mga ipinapadala. May hinala ako na maaaring hindi nila wastong naipasa ang bahagi ng bayad na sinisingil nila sa atin sa Customs Authority. **Problem ba ito para sa atin?** Hindi natin kontrol ang kanilang mga operasyon, at hindi natin kailanman pahihintulutan ang mga pagbabayad na ito.



Oo, isa itong problema. Ang pakikipagtulungan sa mga ikatlong partido na maaaring nagbabayad ng mga suhol ay lubhang nakakabahala. Dapat matugunan kaagad ang isyu. Dapat mong iulat kaagad ang usapin sa legal department o sa FedEx Alert Line.

Iwasan ang money laundering

Nakatuon ang FedEx na tulungang labanan ang kriminal na aktibidad at ang pagpopondo sa terorista na pinapagana ng money laundering. Ang money laundering ay ang proseso ng paggawang mukhang lehitimo ang pag-aaring nakuha mula sa paggawa ng krimen sa pamamagitan ng pagtatago o pagbabalat-kayo sa kanilang kalikasan, lokasyon, pinagmulan, pagmamay-ari, o kontrol.

Hindi tayo papasok sa anumang kasunduan na natukoy bilang isang potensyal na kahina-hinalang aktibidad ng money laundering. Mahalagang magsagawa tayo ng negosyo sa mga kagalang-galang na supplier, kostumer, at iba pang mga ikatlong partido para sa mga lehitimong layunin, na may mga lehitimong pondo. Responsable ang mga miyembro ng team na suriin ang mga transaksyon at dokumentasyon na kanilang pinangangasiwaan para sa katumpakan at sa isang naaangkop na antas ng detalye. Dapat din tayong maging alerto sa anumang red flag ng money laundering.



Kabilang sa mga red flag ng money laundering ang:

- Mga kahilingan para sa malalaking pagbabayad ng cash o iba pang hindi pangkaraniwang mga tuntunin sa pagbabayad.
- Pag-aayos o paghahati-hati ng mga pagbabayad sa mas maliliit na halaga o paghahati ng mga transaksyon sa mga halagang umiwas sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng pamahalaan.
- Mga paglilipat ng pondo sa o mula sa mga bansa o teritoryo na walang kaugnayan sa transaksyon.
- Mga paglilipat ng pondo sa o mula sa mga hindi nauugnay na partido.
- Pagdadalawang-isip ng isang ikatlong partido, kostumer, o supplier na magbigay ng kumpleto o makatotohanang impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Iba pang mga aktibidad sa labas ng normal na kurso ng negosyo.

Kung may pinaghihinalaan kang mga potensyal na aktibidad sa money laundering, makipag-usap kaagad sa iyong manager, sa legal department, o sa FedEx Alert.

Maging responsable sa mga regalo at libangan

Ang makatwiran at naaangkop na mga regalo sa negosyo, pagkain, at libangan ay nakakatulong sa pagsulong ng magandang relasyon sa negosyo. Gayunpaman, dapat tayong mag-ingat na huwag kailanman magbigay o tumanggap ng anumang bagay na maaaring hindi wastong makaimpluwensya sa isang desisyon sa negosyo. Nakatuon ang FedEx sa paggawa ng patas at malinaw na mga desisyon sa negosyo. Ang paggawa nito ay nakakatulong na maprotektahan ang ating reputasyon at humihikayat ng pagtitiwala.

Ang mga regalo, pagkain, paglalakbay, at libangan ay dapat na katamtaman, naaangkop sa rehiyon o lokal na kultura, at nilalayan lamang na isulong ang mga relasyon sa negosyo ng FedEx. Kapag nagbibigay o tumanggap ng mga regalo, pagkain, paglalakbay, o libangan, dapat nating unawain at sundin ang ating mga kinakailangan sa patakaran.



Katanggap-tanggap

- Mga pampromosyong aytem
- Bulaklak
- Pagkain



Ipinagbabawal

- Cash
- Mga gift card
- Mga regalong malaki ang halaga
- Bakasyon



Ang mga miyembro ng team ay maaaring tumanggap ng mga regalo, pagkain, o libangan mula sa isang ikatlong partido sa mga pagkakataong ito:

- Madalang, hindi hiningi, at hindi magarbo o sobra-sobra.
- Hindi nilayan bilang suhol, kabayaran, o kickback.
- Hindi nagpapahiwatig ng pagpapakita ng espesyal na pagtrato.
- Makatwiran at naaangkop sa negosyo.
- Naaayon sa anumang partikular na limitasyon sa patakaran.

Iba pang Mapagkukunan

[Pandaigdigang Patakaran sa Mga Regalo at Libangan](#)

Iwasan ang salungat na interes

Habang tayo ay nagtatrabaho sa FedEx, ang ating pangunahing katapatan sa negosyo ay dapat sa FedEx. Maaaring magkaroon ng salungatan ng interes kapag ang isang bagay o isang taong personal na nauugnay sa atin sa labas ng trabaho sa FedEx ay maaaring makagambala sa ating mga responsibilidad sa FedEx. Kapag mayroon tayong salungat na interes, maaari itong makaapekto sa ating kakayahang kumilos nang tapat at para sa pinakamahusay na interes ng FedEx kapag gumagawa ng mga desisyon sa negosyo.

Upang maiwasan ang mga salungatan ng interes, dapat nating iwasan ang mga aktibidad, pamumuhunan, o malapit na personal na relasyon na lumilikha, o mukhang lumilikha, ng salungatan sa pagitan ng ating mga personal na interes at ng mga interes ng FedEx. Bukod pa rito, partikular na ipinagbabawal ng FedEx sa mga miyembro ng team o sa kanilang malapit na personal na relasyon na tumanggap ng pera, regalo, o personal na benepisyo bilang kapalit ng paggawad ng negosyo sa FedEx.

Kung sa tingin mo ay maaari kang magkaroon ng salungat na interes, kinakailangan mong agad na ihayag ang potensyal na salungatan sa FedEx. Susuriin ng iyong manager ang sitwasyon at makikipagtulungan siya sa human resources at legal department, kung naaangkop, para sa pagsusuri, paggabay, o pagkilos.

Maliban kung paunang inaprubahan ng Executive Vice President at Chief Financial Officer ng FedEx Corporation, hindi ka maaaring kumuha ng sinumang tao na nagtatrabaho sa nakaraang tatlong taon ng independent auditor ng FedEx (sa kasalukuyan, Ernst & Young LLP).





Kabilang sa mga karaniwang sitwasyon na maaaring lumikha ng salungatan ng interes para sa isang miyembro ng team ay:

- Ang pagkakaroon ng pangalawang trabaho sa labas ng FedEx na negatibong nakakaapekto sa iyong trabaho sa FedEx.
- Pagtatrabaho para sa mga kakumpitensya, kostumer, o supplier ng FedEx.
- Pag-hire o pangangasiwa sa isang malapit na kaibigan, miyembro ng pamilya, o kasintahan.
- Paggamit ng ari-arian, mapagkukunan, pagkakataon, o ideya ng FedEx para sa personal na pakinabang.
- Paghawak ng makabuluhang interes sa pananalapi sa o paggamit ng kontrol sa isang kostumer, supplier, o kakumpitensya.
- Paggawad ng kontrata ng FedEx sa isang kamag-anak o kaibigan.
- Pagtanggap ng personal na benepisyo mula sa isang kumpanyang nakikipagnegosyo sa FedEx.

Ang ating kumikilos na Code



Gusto ng aking asawa na mag-set up ng isang negosyo para mag-bid sa isang kontrata para maging isang supplier ng FedEx. Hindi ako magtatrabaho sa side business o mangangasiwa sa alinman sa mga operasyon nito, ngunit magiging bahagi din ako bilang may-ari. **Isa ba itong potensyal na salungatan ng interes sa aking trabaho sa FedEx?**



Oo. Maaaring magkaroon ng salungatan. Kapag ikaw, ang iyong asawa, o isa pang malapit na personal na relasyon ay nagse-set up ng isang negosyo na partikular na magsu-supply sa FedEx, magkakaroon ng alalahanin tungkol sa transparency, katapatan, objectivity, at iyong kakayahan na unahin ang FedEx sa iyong pagdedesisyon. Ihayag ang potensyal na salungatan sa iyong manager. Susuriin ng iyong manager ang impormasyon, titingnan niya ang patakaran, isasama niya ang human resources o ang legal department kung kinakailangan, at magbibigay siya ng gabay.

Iba pang Mapagkukunan

[Pandaigdigang Patakaran sa Salungatan ng Interes](#)

Sundin ang mga kontrol sa internasyonal na kalakalan

Bilang isang pandaigdigang kumpanya, dapat tayong magkaroon ng kamalayan sa mga kontrol sa pag-export at mga parusa na namamahala sa mga pakikitungo sa negosyo sa ilang partikular na bansa, entidad, at indibidwal. Umiiral ang mga panuntunang ito upang protektahan ang mga interes ng pambansang seguridad, ipatupad ang mga internasyonal na batas, ipagtanggol ang mga karapatang pantao, mapanatili ang kapayapaan at seguridad, at maiwasan ang mga armadong salungatan. Maaaring kabilang sa mga parusa sa paglabag ang mga multa, pagkuha ng asset, at mga sentensiya sa bilangguan.

Pinapanatili ng FedEx ang mga patakaran at pamamaraan upang makatulong na matiyak na:

- Hindi tayo nagpapatakbo o nagbibigay ng mga serbisyo sa mga indibidwal, entidad, bansa, o teritoryo na lumalabag sa U.S. at iba pang nauugnay na mga parusa sa kalakalan.
- Sinasala natin ang mga transaksyon, kabilang ang mga pagpapadala, nagbebenta, at iba pang mga ikatlong partido, para matukoy ang mga tao o entidad sa mga listahan ng pinaghihigpitan o pinaparusahang partido.
- Nanatili tayong alerto para sa at nag-uulat tayo ng mga red flag na nagpapahiwatig ng paglilipat sa isang ipinagbabawal na bansa o partido.
- Hindi tayo naghahatid ng pagpapadala ng mga bagay na ipinagbabawal para sa pag-import o pag-export.
- Hindi tayo naglilipat ng kontroladong teknolohiya, kagamitan, o software nang walang kinakailangang pahintulot sa pag-import o pag-export.

Bilang isang kumpanyang nakabase sa U.S., ang FedEx ay hindi nakikilahok at hindi maaaring makilahok sa mga boycott na hindi sinusupportahan ng gobyerno ng U.S., gaya ng mga kasunduan sa diskriminasyon batay sa lahi, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan,

o nasyonalidad, o pagtanggap na magnegosyo sa ilang bansang hindi pinapahintulutan ng U.S. Ang anumang ganitong pagkilos ay maaaring humantong sa FedEx na sumailalim sa malalaking parusa at magkaroon ng malubhang epekto sa ating mga operasyon.

Saan man tayo naroroon, dapat nating maunawaan at sundin ang lahat ng naaangkop na kontrol sa pag-export, trade embargo, at economic sanction na ipinataw ng U.S. at mga pamahalaan ng anumang bansa o teritoryo kung saan tayo nagnenegosyo.

Ang pagpapatupad ng ating Code



Nilapitan ako ng isang kostumer na naghahanap ng impormasyon kung paano magpadala ng malaking kargamento. Ang kostumer, ang consignee, ang mga kalakal, at ang mga bansang pinagmulan at patutunguhan ay wala sa anumang listahan ng mga pinaghihigpitan. Gayunpaman, may hinala ako na plano nilang ipadala ang kargamento sa isang bansang may sanction. **Dapat ko bang iproseso ang padala ng kostumer na ito?**



Hindi. Kung pinaghihinalaan mo na ang isang transaksyon ay maaaring lumabag sa mga internasyonal na kontrol sa pag-export, dapat kang huminto at talakayin ang iyong mga hinala sa legal department.

Iba pang Mapagkukunan

[Pandaigdigang Patakaran sa Pagsunod sa Mga Kontrol sa Pag-export](#)

Makipagkumpitensya nang may integridad

Ang FedEx ay sumusulong sa mga mapagkumpitensyang merkado. Nakatuon tayo sa pagbibigay sa mga kostumer ng pinakamahusay na halaga para sa ating mga produkto at serbisyo. Ang mga batas sa antitrust at kumpetisyon ay idinisenyo upang protektahan ang mga kostumer sa pamamagitan ng pagtataguyod ng malusog na kumpetisyon, na nagreresulta sa mas mababang presyo, mas maraming pagpipilian, mas mahusay na kalidad, at malalaking pagbabago. Ang mga kilos na lumalabag sa mga batas sa antitrust at kumpetisyon, tulad ng mga kasunduan sa mga kakumpitensya na ayusin ang mga presyo, hatiin ang mga kostumer o mga merkado, o hindi mag-recruit ng mga empleyado ng isa't isa, ay ipinagbabawal.

Ang mga kasunduan sa pagitan ng mga kakumpitensya ay maaaring humantong sa seryoso at nakakapinsalang mga paglabag sa antitrust. Ang ganitong mga kasunduan ay hindi kailangang nakasulat. Maaaring malaman ang mga ito mula sa mga kilos tulad ng mga pagpupulong, impormal na Put this on the same line, o pakikipagpalitan ng kumpidensyal na impormasyon. Dapat tayong maging maingat kapag nakikipag-ugnayan sa mga kakumpitensya upang maiwasan natin kahit ang paglitaw ng isang paglabag sa antitrust.

Igalang ang mga karapatan ng mamimili

Bilang isang pinagkakatiwalaang pandaigdigang brand sa paghahatid, mayroon tayong mahalagang responsibilidad na wastong ipakita ang ating mga produkto at serbisyo sa marketplace. Nakatuon ang FedEx sa patas, wasto, at tapat na mga kasanayan sa pagbebenta at marketing. Tinatrato natin ang ating mga kostumer nang etikal at patas. Nakukuha natin ang kanilang pagtangkilik sa negosyo at tiwala batay sa ating mga nakakaangat na solusyon, mahusay na serbisyo sa kostumer, at mapagkumpitensyang presyo.

Ang apagpapatupad ng ating Code



Mayroon akong mga kaibigan na nagtatrabaho sa mga kakumpitensya. **Maaari ba akong makipag-usap sa kanila tungkol sa negosyo kapag lumalabas kami para kumain?**



Ang mga batas sa antitrust ay nalalapat sa lahat ng oras, kahit na sa mga social gathering at sa panahon ng mga impormal na pag-uusap. Walang pagbubukod para sa mga kaibigan, pamilya, o dating kasamahan. Huwag talakayin ang mga kumpidensyal na paksa tulad ng mga presyo, kostumer, o kumpetisyon. Kung tinalakay ng ibang tao ang mga paksang ito, patigilin sila, umalis sa pag-uusap kung magpapatuloy sila, at abisuhan ang legal ndepartment.

Iba pang Mapagkukunan

[Pandaigdigang Patakarán sa Antitrust at Batas sa Kumpetisyon](#)



Pangangalaga sa ating mga mapagkukunan

Ang mga mapagkukunan ng kumpanya ay ipinagkatiwala sa atin upang magawa natin ang ating mga trabaho at maabot ang ating mga layunin na may kaugnayan sa trabaho. Bilang kapalit, umaasa ang FedEx sa atin na gamitin nang maayos ang mga mapagkukunang iyon. Responsibilidad nating protektahan ang mga asset ng FedEx, kabilang ang mga pinansyal at pisikal na asset, intelektwal na pag-aari, at kumpidensyal na impormasyon. Mayroon tayong tungkulin na mag-ulat ng aktwal o pinaghihinalaang panloloko, maling paggamit, pagnanakaw, pinsala, at pagkawala ng mga mapagkukunan ng FedEx. Ang parehong obligasyon ay nalalapat sa pag-aari ng kostumer at sa pag-aari na ipinagkatiwala sa atin ng ibang mga partido.

Palaging gumawa ng mabuting pagpapasya kapag ginagamit ang mga mapagkukunan ng FedEx. Ang kaunting personal na paggamit ng ilang partikular na mapagkukunan ng FedEx (tulad ng mga laptop at smartphone) ay karaniwang pinahihintulutan kung hindi ito nakakasagabal sa iyong mga tungkulin sa trabaho o negatibong nakakaapekto sa seguridad o mapagkukunan ng device o network.



Mayroong ilang espesyal na tool sa trabaho na kailangan kong hiramin para magamit sa bahay. OK lang bang kunin ang mga ito basta ibabalik ko ang mga iyon kinabukasan?

Hindi. Hindi ka maaaring humiram ng mga tool ng FedEx o iba pang pag-aari ng FedEx para sa personal na paggamit sa bahay. Mahalagang manatili ang pag-aari ng FedEx kung saan ito magagamit para sa mga layunin ng FedEx. Kahit na nagtatrabaho sa site gamit ang mga tool o mapagkukunan ng FedEx, mahalagang tandaan na ang mga materyal na iyon ay ibinigay upang magawa natin ang ating trabaho at hindi para sa ating personal na paggamit o kaginhawahan.



Mayroon akong mga personal na file at email sa aking FedEx laptop. May access ba ang FedEx sa kanila?

Bawat isa sa atin ay may limitadong mga inaasahan para sa privacy kapag gumagamit ng kagamitan at network ng FedEx. Kung saan pinahihintulutan ng batas at nasusunod ang ating mga patakarang, maaaring kunin at suriin ng FedEx ang iyong FedEx laptop, tablet, at smartphone, at anumang impormasyong naka-store sa mga server ng FedEx, kabilang ang lahat ng email, text message, at pag-browse sa internet, bilang makatwirang kinakailangan upang maisakatuparan ang mga layuning itinakda sa mga patakarang iyon.

Dapat tayong kumilos nang may pag-iingat upang protektahan ang intelektwal na pag-aari ng FedEx. Ang intelektwal na pag-aari ay tumutukoy sa isang malawak na kategorya ng mga hindi nahahawakang mga asset. Ang ilan, tulad ng mga patent, copyright, logo, trademark, software, at pampublikong pagsisiwalat, ay available sa publiko ngunit maaari lang gamitin sa ilang partikular na paraan. Ang iba pang mga intelektwal na pag-aari, tulad ng mga lihim ng kalakalan, mga diskarte sa negosyo, mga plano sa pagbebenta, at "kaalaman," ay karaniwang panloob at sensitibo o kumpidensyal.

Ang ating intelektwal na pag-aari ay nag-aambag sa ating mapagkumpitensyang kalamangan. Upang mapanatili ang halaga ng ating intelektwal na pag-aari, dapat nating protektahan ito at tiyaking ginagamit ito nang maayos. Pangalagaan ang ating intelektwal na pag-aari tulad ng pagprotekta sa iba pa nating mga asset.

Dapat din nating igalang at protektahan ang intelektwal na pag-aari na ipinagkatiwala sa atin ng mga kostumer, supplier, at iba pang mga ikatlong partido. Halimbawa, hindi natin dapat gamitin nang mali o kopyahin ang naka-copyright na materyal nang walang pahintulot ng may-ari. Gayundin, namamahagi lang tayo ng software ayon sa pinapayagan ng mga nauugnay na kasunduan sa lisensya. Ang anumang paggamit ng open-source na software ay dapat na paunang naaprubahan ng ating information security department. Hindi tayo maaaring mag-download at mag-store ng hindi lisensyado o ilegal na mga kopya ng software o nilalaman.

Protektahan ang Kumpidensiyal na Impormasyon

Dapat nating gawin lahat ng ating bahagi upang protektahan ang kumpidensiyal na impormasyon ng FedEx. Ang kumpidensiyal na impormasyon ay anumang hindi pampublikong impormasyon tungkol sa negosyo ng FedEx, mga miyembro ng team, mga kostumer, o mga supplier. Kasama sa kumpidensiyal na impormasyon ang mga plano sa negosyo, pagpepresyo, mga gastos, at panloob na impormasyon sa pananalapi. Kasama rin dito ang personal na data, pananaliksik at pagpapaunlad, teknolohiya, mga plano sa marketing, at anumang iba pang mapagkumpitensyang impormasyon.

Dapat nating gamitin ang kumpidensiyal na impormasyon nang naaangkop. Maaari lang natin itong ihayag sa iba pang miyembro ng team ng FedEx o mga ikatlong partido kung mayroon silang lehitimo at pangangailangang malaman na may kaugnayan sa negosyo. Maging ang mga miyembro ng team na aalis sa FedEx ay kailangang alagaan ang kumpidensiyal na impormasyon ng FedEx pagkatapos nilang umalis. Gayundin, hindi ka dapat magdala ng kumpidensiyal na impormasyon mula sa anumang mga naunang employer sa iyong trabaho sa FedEx.

Ang pagpapatupad ng ating Code



Paano ko mapapanatiling ligtas ang impormasyon ng FedEx kapag nagtatrabaho ako sa aking laptop sa isang café o sa isang airport?



Kapag nagtatrabaho ka sa isang pampublikong lugar, magkaroon ng kamalayan na maaaring makita ng iba ang iyong screen. Huwag magbukas ng mga kumpidensiyal na materyales kung saan maaari itong makita ng iba. Kumonekta lang sa mga protektadong Wi-Fi network na alam at pinagkakatiwalaan mo. Iwasang gumamit ng mga bukas na access point, gaya ng sa mga cafe o airport, at palaging gumamit ng VPN sa pampublikong Wi-Fi.



Upang makatulong na protektahan ang kumpidensiyal na impormasyon:

- Mag-ingat kapag tinatalakay ang kumpidensiyal na impormasyon sa mga pampublikong lugar kung saan maaaring marinig ang mga pag-uusap, tulad ng mga restawran, pampublikong transportasyon, o mga elevator.
- Iwasang magbasa ng mga dokumentong may kumpidensiyal na impormasyon sa mga pampublikong lugar, tulad ng mga eroplano o tren, at huwag itapon ang mga ito kung saan maaari itong makuha ng iba.
- Panatilihin naka-lock ang iyong laptop, tablet, at smartphone at secure ang mga password.
- Huwag iwanan ang iyong laptop na walang nagbabantay sa mga hindi secure na lugar tulad ng nakaparadang kotse, conference center, o café.

Bantayan ang ating data

Nakatuon ang FedEx na pangalagaan ang privacy ng personal na impormasyong inilalagay sa ating pangangalaga ng ating mga miyembro ng team, mga kostumer, at iba pang mga ikatlong partido. Ang personal na data ay anumang data na maaaring magamit nang direkta o hindi direkta upang makilala ang isang partikular na tao, tulad ng pangalan, address, social security number, email address, o numero ng telepono.

Sinusunod natin ang lahat ng naaangkop na batas at regulasyon tungkol sa pangongolekta, paggamit, paglilipat, at pagsisiwalat ng personal na data, kabilang ang mga probisyon tungkol sa patas at lehitimong paggamit, detalye ng layunin, limitasyon sa pagkolekta, pagtanggap, kalidad ng data, mga pananggalang sa seguridad, at transparency.

Nagpapatupad tayo ng mga mahusay na pamamaraan upang maprotektahan ang personal na data mula sa hindi awtorisadong pag-access, pagkawala, maling paggamit, pagbabago, at pagsisiwalat. Kung may natuklasan o pinaghihinalaan kang isang insidente sa seguridad ng data, isang cyberattack, o isang posibleng paglabag sa personal na data, abisuhan kaagad ang iyong manager, ang legal department, at ang pangkat ng seguridad ng impormasyon. Kumilos kaagad upang maiwasan ang higit pang pinsala.

Ang pagpapatupad ng ating Code



May tumawag sa akin tungkol sa isang maling naihatid na package. Mayroon silang tracking number ngunit humihingi sa akin ng iba pang impormasyon tungkol sa aktwal na tatanggap, tulad ng kanilang pangalan at address.

Maaari ko bang ibigay sa kanila ang impormasyong iyon dahil mayroon silang tracking number?



Hindi. Ang pagbibigay sa tumatawag ng personal na data ng isa pang tatanggap ay maaaring lumabag sa patakaran ng FedEx at maaaring lumabag sa mga batas sa privacy ng data.



Panatilihin ang seguridad ng impormasyon

Dapat nating protektahan ang impormasyon at mapagkukunan ng kostumer, empleyado, at kumpanya. Sinusuportahan natin ang seguridad ng impormasyon sa pamamagitan ng pagpapanatiling kumpidensiyal ang impormasyon ng korporasyon, paano man ito nilikha, ipinamahagi, itinago, o itinapon. Dapat lang nating i-access ang mga kinakailangang impormasyon, mga mapagkukunan, at mga lokasyon upang gawin ang ating trabaho.

Dapat nating limitahan ang personal na paggamit ng mga mapagkukunan ng FedEx upang hindi maapektuhan ang negosyo o makompromiso ang seguridad. Dapat din nating pamahalaan ang FedEx hardware, software, at mga mobile device ayon sa iniutos. Ang pagpapalit o pagre-refresh ng mga asset na ito kapag kinakailangan ay magtitiyak ng napapanahong mga hakbang sa seguridad.

Makipag-ugnayan sa dataprivacy@fedex.com para sa mga kahilingang nauugnay sa privacy.

Iba pang Mapagkukunan

[Privacy ng Data](#)

[Seguridad ng Impormasyon](#)

Huwag makipagpalitan ng impormasyon sa tagaloob

Labag sa batas ang pakikipaglitan ng securities ng kumpanya habang nagtataglay ng makabuluhan at, hindi pampublikong impormasyon na nauugnay sa kumpanyang iyon. Ang ilang miyembro ng team ng FedEx ay maaaring magkaroon ng access sa napakakumpidensyal na impormasyong pagmamay-ari ng FedEx o ibang kumpanya, tulad ng isang pangunahing kostumer o supplier, na maaaring makaapekto sa presyo ng stock kung isasapubliko. Ang naturang impormasyon ay tinatawag na "makabuluhang panloob na impormasyon." Dapat tayong maging maingat sa pagprotekta ng makabuluhang panloob na impormasyon at huwag itong gamitin para sa personal na pakinabang.

Bago maging pampubliko ang makabuluhang panloob na impormasyon, hindi natin ito dapat ihayag sa sinumang walang kinalaman sa negosyo na hindi dapat makaalam nito, kabilang ang pamilya at mga kaibigan. Hindi rin tayo maaaring makipagpalitan, nang direkta o hindi direkta, ng securities ng mga kumpanya na paksa ng impormasyon. Nangangahulugan ito na hindi natin magagawang makipagpalitan, at hindi rin natin dapat payuhan ang ating mga kaibigan o pamilya o sinumang iba pa na makipagpalitan, kahit na hindi natin ibunyag ang mga detalye.

Iba pang Mapagkukunan

[Insider Trading](#)

Panatilihin ang tumpak na mga tala ng negosyo

Bumubuo ang FedEx ng malaking halaga ng electronic at papel na mga dokumento araw-araw. Ang lahat ng miyembro ng team ay kabilang sa paglikha at pagpapanatili ng mga talaan ng FedEx. Dapat nating tiyakin na ang mga talaan ng FedEx ay tumpak, makatotohanan, kumpleto, maaasahan, at ligtas. Ang ating mga tala ay dapat na isang matapat na representasyon ng mga katotohanan at hindi dapat magsama ng mali o mapanlinlang na impormasyon.

Nakatuon tayo sa pagbibigay ng buo, patas, tumpak, at napapanahong paghahayag sa ating mga pampublikong komunikasyon at sa mga ulat na isinampa natin sa mga awtoridad ng gobyerno, kabilang ang U.S. Securities and Exchange Commission.

Ang mga rekord ng negosyo ay dapat na itago at itapon nang maayos, batay sa naaangkop na mga kinakailangan sa pag-record, mga batas, at mga pangangailangan sa negosyo. Huwag sirain ang anumang talaan ng FedEx na kailangan mong panatilihin.

Regular na suriin ang iyong mga naaangkop na iskedyul ng pagpapanatili ng talaan upang matiyak ang pagsunod. Huwag kailanman baguhin o sirain ang isang rekord kung naabisuhan ka ng legal department na maaaring kailanganin ito para sa isang nakabinbing demanda o pagsisiyasat ng gobyerno.

Labanan ang panlabas at panloob na panloloko

Nakatuon tayo sa pag-aalis ng basura, pandaraya, at pang-aabuso mula sa mga FedEx account at pagpapanatili ng katumpakan ng mga talaan ng accounting ng FedEx. Kinakailangan natin ng bukas, tapat, at patas na pakikitungo sa isa't isa at sa ating mga kostumer, supplier, at kakumpitensya. Dapat nating sundin ang sistema ng accounting ng FedEx at mga panloob na kontrol upang matiyak na ang mga FedEx account ay tama at ginagamit lamang para sa mga lehitimong gastos sa negosyo o pagbabayad ng gastos.

Ang lahat ng pinansyal na transaksyon ng FedEx, malaki o maliit, ay dapat na maayos na naidokumento. Ipinagbabawal ang mga pondo o asset na hindi naitatala o “wala sa mga aklat.” Ang pagtatala ng mali, mapanlinlang, o hindi kumpletong impormasyon ay nakakapinsala sa ating kakayahang gumawa ng mabubuting desisyon, nakakasira ng tiwala sa FedEx, at maaaring ilegal.

Dapat nating tiyakin na ang mga awtorisadong tao lang ang nagsasagawa ng mga transaksyon sa ngalan ng FedEx o may access sa mga asset o sistema ng FedEx.



Kung may nalaman kang pinansiyal na panloloko o kaduda-dudang accounting, mga panloob na kontrol o auditing na kaugnay ng FedEx, dapat mo itong iulat. Kabilang sa mga halimbawa ng mga problemang ito ang:

- Panloloko o sinadyang maliin ang paghahanda o pag-audit ng anumang pinansiyal na statement ng FedEx
- Panloloko o sinadyang maliin ang pagtatala at pag-iingat ng mga pinansiyal na tala ng FedEx
- Hindi pagsunod sa mga panloob na kontrol sa accounting ng FedEx
- Maling pahayag patungkol sa usaping nilalaman sa mga pinansiyal na talaan, pinansiyal na ulat o ulat sa pag-audit ng FedEx
- Hindi pagbibigay ng impormasyon na magbibigay ng buo at patas na ulat ng pinansiyal na kundisyon ng FedEx
- Panloloko sa pagkakaroon o paggamit ng mga mapagkukunan ng kumpanya o kostumer

Ang ganitong uri ng ulat ay dapat gawin sa FedEx Alert Line o FedEx Corporation General Counsel.

Iba pang Mapagkukunan

[Kabatiran at Pag-iwas sa Panloloko](#)





Pagtuon sa paggawa ng mabuti

Nauunawaan natin ang papel na ating ginagampanan sa pandaigdigang ekonomiya at sa pandaigdigang kapaligiran. Nandito tayo hindi lang para makinabang, nandito tayo para mag-ambag. Gumagawa tayo ng mga ugnayan, naghahanap tayo ng mga paraan upang protektahan ang ating planeta, at ginagawa natin ang mga bagay sa tamang paraan. Tinutulungan natin ang mga komunidad na umunlad.

Ipagpatuloy ang pangangalaga sa kapaligiran at pagpapanatili

Kinikilala ng FedEx na ang ating mga aktibidad ay may epekto sa kapaligiran. Ang pangmatagalang kalusugan ng ating negosyo ay konektado sa kalusugan ng ating planeta. Nakatuon tayo sa pagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo nang responsable at pangmatagalan. Sumusunod tayo sa pambansa, pang-estado, at lokal na batas kung saan tayo nagnenegosyo na kumokontrol sa mga emisyon ng sasakyan sa hangin o daan, kalidad ng tubig, pagtatapon ng solido at mapanganib na basura, at pag-iwas sa mga pagkakatapon o pagpapalabas.

Nagsusumikap tayong patuloy na mapabuti ang ating pamamahala sa kapaligiran. Bilang bahagi ng ating patuloy na pagsisikap na isulong ang sustainability, sinusuri natin ang mga epekto sa kapaligiran ng mga operasyon at packaging ng FedEx at binabawasan ang mga ito kung posible. Isinasaalang-alang natin ang kapaligiran sa pang-araw-araw na operasyon at mga proseso ng paggawa ng desisyon sa negosyo. Kabilang dito ang pagkuha at pagpapatupad ng mga solusyon na makakatulong na mabawasan ang ating bakas sa kapaligiran.

Mayroon tayong adhikain na makamit ang mga carbon-neutral na operasyon sa buong mundo pagsapit ng 2040. Kasama sa ating landas sa carbon-neutral na mga operasyon ang pamumuhunan sa paggawang de-kuryente ang sasakyan, sustainable na gasolina, pagtitipid ng gasolina, paggawang moderno ang mga sasakyang panghimpapawid, at renewable energy para sa ating mga pasilidad.



Ipakita ang pagmamalasakit ng FedEx

Nakatuon ang FedEx Cares sa sabay-sabay na pagtugon sa mga layunin sa lipunan at negosyo. Ginagawa natin ang ating pinakamahalagang pamumuhunan sa mga lugar kung saan maaari nating tugunan ang mga makabuluhan isyu at ilapat ang ating mga natatanging kakayahan sa negosyo. May tatlong pangunahing portfolio ng pagbibigay ang FedEx Cares: Paghahatid para sa Kabutihan, Pandaigdigang Negosyo, at Pangmatagalang Logistics. Karaniwan sa tatlong ito ay ang ating dedikasyon sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama; at sa pagboboluntaryo ng mga miyembro ng team.

- **Paghahatid para sa kabutihan** - Ipinapahiram natin ang ating pandaigdigang network at kadalubhasaan sa logistics sa mga nonprofit na may mga mahalagang kinakailangan sa misyon at sa mga komunidad na naapektuhan ng mga krisis at natural na sakuna.
- **Pandaigdigang negosyo** - Nakakatulong ang ating trabaho na palakasin ang maliliit na negosyong pag-aari ng kababaihan at mga tao na hindi puti ang kulay ng balat sa pamamagitan ng pag-uugnay sa kanila sa mga mapagkukunan, pagsasanay, at kapital.
- **Sustainable na logistics** - Ang ating pangako sa pagpapabilis ng mga inobasyon tulad ng carbon capture at mga de-kuryenteng sasakyan ay nagbabawas sa epekto sa kapaligiran ng industriya ng logistics.
- **Pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at inklusyon** - Lahat ng ginagawa natin ay sumusuporta sa ating hangarin na lumikha ng mas pantay at patas na mga komunidad.
- **Pagboluntaryo** - Ang mga miyembro ng team ay nagboluntaryo ng kanilang oras at kadalubhasaan upang pahasayin ang ating epekto at palalimin ang ating mga relasyon sa komunidad.

Sumunod sa ating mga alituntunin para sa mga donasyon at gawaing pampulitika

Sa FedEx, malaya tayong sumuporta at makibahagi sa prosesong pampulitika sa pamamagitan ng mga personal na kontribusyon, pangangampanya, o pagboboluntaryo ng personal na oras sa mga kandidato o organisasyon. Ang mga aktibidad na ito ay mahigpit na personal na pinili. Hindi maaarin isagawa ang mga ito sa pag-aari o oras ng FedEx o kabilangan ng paggamit ng anumang mapagkukunan ng FedEx, kabilang ang pera, kagamitan, sasakyan, computer, printer, o supply.

Hindi tayo maaaring gumawa o mangako ng mga pampulitikang kontribusyon sa ngalan ng FedEx. Kung isa kang mamamayan ng U.S. o permanenteng residente ng U.S. , maaari mong piliing makilahok, o hindi lumahok, sa FedExPAC – FedEx Corporation Political Action Committee. Ang lahat ng naturang kontribusyon ay mahigpit na boluntaryo at hindi mababawas sa kitang may buwis.

Iba pang Mapagkukunan

fedexcares.com



Pangwakas na payo

Inilalarawan ng ating Code ang ating pangako sa etika at pagsunod at nagsisilbi itong gabay para sa lahat ng miyembro ng team. Layunin naming bigyan kayo ng impormasyon at mga tool na kailangan ninyo upang maisagawa ang inyong trabaho at panatilihin ang tiwala ng mga miyembro ng team, kostumer, at mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo.

Kung makikita mo ang iyong sarili sa isang sitwasyon kung saan hindi ka sigurado kung ano ang gagawin, magtanong sa iyong manager, human resources, security, legal department, o corporate integrity & compliance department sa integrity@fedex.com.

Sa pamamagitan ng etikal na pagkilos at pagsunod sa mga prinsipyo sa Code, inihahatid natin ang Purple Promise at tumutulong tayo na matiyak ang ating patuloy na tagumpay.

Mahalaga ang integridad.

